Tunay na ang kaasalan ng Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang Qur'ān."}

Nagsabi si Sa`d bin Hishām bin Àmir noong pumasok siya sa kinaroroonan ni `À'ishah (malugod si Allāh rito): {O Ina ng mga Mananampalataya, magbalita ka sa akin tungkol sa kaasalan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi ito: "Hindi mo ba binibigkas ang Qur'ān?" Nagsabi ako: "Opo." Nagsabi ito: "Tunay na ang kaasalan ng Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang Qur'ān."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim sa isang pangungusap ng isang mahabang ḥadīth]

Tinanong ang Ina ng mga Mananampalataya na si `À'ishah (malugod si Allāh rito) tungkol sa kaasalan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya sumagot ito ng isang pangungusap na masaklaw. Ipinasangguni nito ang tagapagtanong sa Marangal na Qur'ān na tagatipon ng lahat ng mga katangian ng kalubusan. Nagsabi ito na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsasakaasalan ng mga kaasalan ng Qur'ān. Ang anumang ipinag-utos ng Qur'ān ay isinasagawa niya at ang anumang sinaway ng Qur'ān at iniiwasan niya. Kaya ang kaasalan niya ay ang paggawa ayon sa Qur'ān, ang pagtigil sa mga hangganan nito, ang pagsasaetiketa ng mga etiketa nito, at ang pagsasaalang-alang sa mga halimbawa nito at mga kuwento nito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8265